Paano Mag-download ng isang Secure Browser sa isang Mac Computer

Para matiyak ang secure na pangangasiwa ng assessment, dapat i-access ng mga mag-aaral ang California Assessment of Student Performance and Progress (CAASPP) at English Language Proficiency Assessments for California (ELPAC) gamit ang isang secure na browser. Magagamit ang secure na browser na ito para sa mga personal computer na mayroong mga sinusuportahang Mac operating system.

1. Mag-navigate papunta sa http://www.bit.ly/spring_21.
2. Piliin ang **Download the Secure Browser** sa sidebar.
3. Piliin ang **Secure Browser for Mac**.
4. Piliin ang button na **Download the Secure Profile for Mac**.

i *May lalabas na isang pop-up window na nagbabababala na posibleng mapanganib sa iyong computer ang mga file. Kung na-download ang program na ito mula sa ibinigay na web page, ligtas itong download at i-install.*

5. Hanapin at i-double click ang **mac-os-assessment-config-2.mobileconfig** na installation file.
6. Piliin ang **Continue** na button sa **Profiles** na window.
7. Piliin ang button na **Install**. Ilagay ang password ng administrator at piliin ang button na **OK** kung kailangan.
8. Piliin ang **Apple** menu, at saka ang **System Preferences**, at **App Store**.
9. Lagyan ng check ang checkbox na **Automatically Check for Updates** at **Install System Data Files and Security Updates**.
10. I-clear ang checkbox na **Download Newly Available Updates in the Background** at **Install App Updates**.
11. Piliin ang **Apple** menu, at saka ang **System Preferences**, at **Users & Groups**.

i *Kung naka-lock ang padlock na icon na nasa kaliwang sulok sa ibaba, piliin ito saka ilagay ang password.*

12. Piliin ang button na **Login Options** at i-clear ang **Show Fast User Switching Menu** checkbox.
13. Piliin ang **Download the Secure Browser for Mac** button sa web page ng Secure Browser.
14. Hanapin at i-double click ang **CASecureBrowser12.5-2020-06-19-signed.dmg** na installation file.
15. I-drag ang **CASecureBrowser** icon papunta sa folder na **Applications**.
16. Mag-navigate papunta sa **Launchpad** o **Applications** at i-double click ang **CASecureBrowser** icon.